# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



# MODYUL 16

# SINING NG TEATRO AT ANG MARTIAL ARTS SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 16

# SINING NG TEATRO AT ANG MARTIAL ARTS SA ASYA

Ang naging kontribusyon ng mga Asyano sa larangan ng sining ay hindi matatawaran. Naging bahagi na ang sining at palakasan ng pang araw-araw na pamumuhay ng mga sinaunang Asyano. Ang kanilang kultura at tradisyon ay labis na naimpluwensiyahan ng uri ng sining na umiiral sa iba't-ibang bansa sa Asya na di naglaon ay nagging sagisag na rin ng kanilang pagkakakilanlan bilang isang bansa.

Samantala ang palakasan ay nagging isang daan upang magkabuklod-buklod ang mga mamamayang Asyano. Ang nakaraang Ika-23 Souteast Asian Games na isinagawa sa Pilipinas ay isang patunay ng pagpapahalagang ibinibigay nila sa larangan ng isport at palakasan. Din a mabilang ang mga Asyanong nagging matagumpay, hinangaan at dinakila sa iba't-ibang palaro.  Sila ay nagsilibing inspirasyon upang patuloy na magkaisa at magnais ng kapayapaan ang lahat ng mamamayan sa Asya

May dalawang araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Martial Arts sa Asya
- Aralin 2: Ang Sining ng Teatro sa Asya

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang sining ng martial arts na naging tanyag sa Asya;
2. Maipapaliwanag ang naging impluwensya ng martial arts sa pamumuhay ng mga Asyano;
3. Matutukoy ang iba't-ibang uri ng martial arts na nakilala sa Asya;
4. Mailalarawan ang sining ng teatro sa Asya;
5. Maipapaliwanag kung paano naaimpluwensya ang sining ng teatro sa pamumuhay ng mga asyano; at
6. Matutukoy ang iba't-ibang sumikat na teatro sa mga bansa sa Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang tamang sagot.

1. Hango sa wikang Koreano na ngangahulugan ng " sa pamamagitan ng kamay at paa"

   A. Tae Kwon Do    C. Karate

   B. Kung Fu    D. Judo

2. Ipinakilala ni Kano Jigoro ang martial Arts na ito noong 1882.

   A. Jujutso    C. Judo

   B. Tae Kwon Do    D. Aikido

3. Sa isport na ito ang mga malalaking lalake ay nagbubuo sa loob ng ring.

   A. Kickboxing    C. Judo

   B. Kendo    D. Sumo

4. Kilala rin ito bilang "Japanese Fencing"

   A. Jujutso    C. Kendo

   B. Karate    D. Aikido

5. Ang kahulugan ng jujutso.

   A. sining ng pagkamahinahon

   B. daan tungo sa pagkakasundo

   C. sa pamamagitan ng espada

   D. kamay na walang hawak

6. Ang PEAR GARDEN ay nakilala sa bansang ito.
   A. Cambodia
   B. Japan
   C. Tsina
   D. Thailand

7. Kauna-unahang teatro sa Tsina.
   A. Yuan Zagu
   B. Huaju
   C. Jing Xi
   D. Kunqu

8. Kinilala ang No sa bansang ito.
   A. China
   B. Cambodia
   C. Japan
   D. Myanmar

9. Tinanghal bilang pinakapopular na teatro sa bansang Japan.
   A. Kabuki
   B. Huaju
   C. KK OKTU KAKSI
   D. Sandae- Guk

10. Tampok ditto ang paggamit ng naglalakihang puppet na tinatayang pinakamalaki sa buong mundo.
   A. Khon
   B. Nang Yai
   C. Lakhon Fai Nai
   D. Katkhakali

11. Sa bansang ito galling ang Nat Pwe at Zat Pwe.
   A. Myanmar
   B. Vietnam
   C. Philippines
   D. Sri Lanka

12. Palabas mula sa Pilipinas na nagpapakita ng labanan sa pagitan ng mga Kristiyano at Muslim.
   A. Balagtasan
   B. Opereta
   C. Moro-Moro
   D. Zarzuela

13. Isinasagawa ng mga Mahayana Buddhist Monks.

A. Nang-Yai
B. Khon
C. Wayang Kulit
D. Mani-Rimdu

14. Ang pinakapopular na Balinese Dance Drama.

A. Nat Pwe
B. Hat Boi
C. Legong
D. Lakhon Fai Nai

15. Ang orihinal na pinagmulan ng Balinese Dance Drama.

A. Myanmar
B. Thailand
C. Vietnam
D. Indonesia

**ARALIN 1**
**ANG MARTIAL ARTS SA ASYA**

Ang martial arts o ang sining ng pakikipaglaban gumagamit man o hindi ng anumang armas ay sinasabing nagmula sa Silangang Asya. Ang martial Arts ay isinasagawa na sa iba't-ibang panig ng mundo. Tinatayang humigit kumulang 100 milyon tao ang nagsasagawa nito bilang pagtatanggol sa sarili, pagtatamo ng kapanatagan ng isipan at bilang bahagi ng isang kumpetisyon. Iba't-ibang uri ng martial Arts ang sumibol sa mga bansang Asyano na di naglaon ay nagging popular narin sa iba't-ibang panig ng mundo.

Karamihan sa mga martial arts na ito ay naimpluwensyahan ng mga pilosopiya sa Silangan. Ilan ditto ay ang Budismo at Daoismo. Ayon sa mga tagasunod ng Budismo ang bawat isa ay dapat na magsumikap na magpatuloy sa pagpapabuti ng kanilang sarili upang matamo ang sariling kagalingan a t kaliwanagan.

Samantala ang mga tagapagsulong naman ng Daoismo ay nagsasabi na may mga pisikal na ehersisyo na naglalayon din ng sariling kagalingan at kaliwanagan.

Di tulad ng maraming isports at gawang pisikal na kadalasang nakapokus sa mga pisikal na pagsasanay, ang martial arts ay naglalayon na isulong ang pag-unld ng isip at katawan ng mga magsasagawa nito.

Para sa mga magsasagawa ng martial arts, ito ay hindi tungkol sa pakikipaglaban bagkus, ito ay nakatuon sa buhay at sa pagpapabuti nito. Sa pamamagitan ng martial arts nababawasan ang pag-aalaala at madaragdagan ang pagiging responsible at tiwala sa sarili.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:


1. Mailalarawan ang sining ng martial arts na naging tanyag sa Asya;
2. Maipapaliwanag ang nagging impluwensya ng martial arts sa pamumuhay ng mga Asyano; at
3. Matutukoy ang iba't-ibang uri ng martial arts na nakilala sa Asya;



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: May makikilala ka bang marunong ng mga sumusunod na martial arts? Isulat ang kanyang pangalan.

.



## Mga Pangunahing Martial Arts

Ang mga pangunahing martial arts ay gumagamit ng teknik ng paghampas o pagpalo, gamit ang kamay, siko, paa, tuhod, at ulo. Ilang halimbawa nito ay ang:

### *Karate*



Hango sa wikang Hapones na nangangahulugn ng "kamay na walang hawak". Nagmula sa Okinawa noong mga taong 1600's bilang "te" o kamay na may impluwensya ng kung fu ng mga Intsik. Kinilala si FUNAKOSHI GOCHIN isang guro sa Okinawa, ang Ama ng Makabagong Karate na siyang nagdla sa Japan noong 1922. Ang karate ay nilahukan niya ng pilosopiya ng pagpapaunlad ng kaisipan ng mga mag-aaral nito at tinawag itong KARATE-DO. Ang pagsasanay ang ginagawa sa mga DOJO o bulwagan ng pagsasanay at gamit ay GI-O ang puting damit na ginagamitan ng iba't-ibang kulay ng sinturon depende sa ranggo ng may suot nito.

***Kung-fu***

Mula sa Tsina at nangangahulugan ng kasanayan, kakayahan at gawain, ito ay gingamitan ng suntok, hampas, sipa at pagbabato o paghahagis. Hindi tulad ng Karate ang Kung Fu ay gumagamit ng espada o polo (piraso ng khoy). Sinasabing nagmula sa Tsina mga 2000 taon na ang nakalipas at hinihinalang ginamit din na pamamaraan ng pakikipaglaban sa Sinaunng India.

***Tae-kwon-do***



Hango sa wikang Koreano na nangangahulugan ng sa pamamgitan ng kamay at paa. Nagmula noong 1955 sa pangunguna ni CHOI HONGHI. Ito ang pambansang isports at libangan sa Korea at tanyag na tanyag na rin sa iba't-ibang panig ng mundo. Ang tae-kwon-do ay ginagamitan nng mga natatnging pagsipa at nilalahukan ng paglundag at pagikot. Napili bilang isa sa mga opisyal na isport sa Olympic ang tae-kwon-do noong 2000 kung kailan ginanap din ang Olympic Summer Games sa Sydney, Australia.


**Iba pang Martial Arts**

Ang iba pang uri ng martial arts ay gumagamit ng teknik ng pakikipagbuno upang maihampas, mapigilan at maihagis ang kalaban. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang:

***Jujutso***

Hango sa wikang Hapones na nangangahulugan ng "sining ng pgkamahinahon". Hindi matukoy kung saan ito nagmula bagamat tinatayang bahagi ito ng paraan ng pakikipaglaban ng mga Damurai noong ina- 15 at 16 na daan siglo.

***Judo***



Hango sa wikang hapones na nangangahulugan ng "daan sa kahinahunan". Ito ay isang sining ng pagtatanggol ng sarili at nagmula sa Jujutso. Nagsimul ito noong 1882 sa pangunguna ni KANO JIGORO. Tulad ng Jujutso gumagamit din ang Judo ng kakayahan sa pakikipagbuo at paghagis upang talunin ang kalaban.

***Aikido***



Hango sa wikang Hapones na ngangahulugan ng “daan tungo sa pagkaksundo”. Tulad ng Judo hngo rin ito sa JUJUTSO. Noong 1925, sa pangunguna ni WESHIBA MORIHEI, nagsimula ang aikido. Di nagtagal, sinamahan niya ito ng ZEN. Ang Aikido ay di isang paraan ng pakikipaglaban, bagkus ito ay pakikipag-ugnayan sa kalikasan at naglalayon na makasundo ang katunggali. Noong 1987 naging tanyag ang tinatwag na Combat Aikido sa pamamgitan ng pelikulang pinagbibidahan ni Steven Seagal, isang eksperto sa Aikido.

**Martial Arts**

May ilang martial arts na ngayon ay ginagawa na rin bilang isports. Kung saan may isinasagwa ng kompetisyon para dito, May limang tanyag na Martial Arts sa buong mundo;, ang karate, karate-do, ang Olympic Sports na Tae-kwon-do , judo at kick boxing. Ang sumo wrestling at kendo ay tanyag na martial sports din na prehong nagmula sa Japan.

*Kickboxing*

Ito na marahil ang pinakatanyag na martial arts para sa mahihilig sa isports dahilan nrin sa malawakang pagpapakita nito sa mga telebisyon. Ang isports na ito ay nagmula sa Thailand ilang daan taon na ng nakalilipas at lumaganp sa America noong 1970's kung saan ito ay nagging tnyag na husto. Gumagamit ng teknik ng pagsuntok ng mga kanluranin at teknik naman ng pagsipa mula sa martial rts ng Silangan.

*Sumo*





Isa pa sa pinakatanyag na isport ay ang sumo na nagmula sa japan. Sa isport na ito mga malalaking lalake ang nagbubuno sa loob ng ring. Ang layunin nito ay matapon palabas ng ring ang kalaban o kaya mailapat ng ano mang bahagi ng katwn nito sa lapag ng ring. Ang sumo ay hango sa sinauna pang paraan ng pakikipagbuno na tinatawag na SUMAI (paglalaban) na tinatayang nagmula noon pang 23 BC. Pwede sa isports n aito ang paghagis, paghila, pagpalo, pagbato, at pagtapon sa kalaban.

***Kendo***



Hango sa wikang Hapones na nangangahulugan sa pamamagitan ng espada at kilalarin bilang Japanese Fe ncing. Ito ay isang sinauna pang isports ng espadahan. Bagamat noong unang panahon ng mga kalahok ay gumagamit na armas ay yari na lamang sa kawayan. Ang kendo ay may malaking i9mpluwensya sa martil arts ng Japan na tinatawag n Kenjetsu (sining sa paggamit ng espada) na ginagamit sa mortal combat ng mga samurai.

Samantala ang martial arts ay unang nakita sa United States noong 1840's dala-dala rin ng manggagawang Tsino na may kasanayan sa Kung-Fu. Ilang daan ton pa ang lumipas at ang Judo, kendo at karate ay nagging tanyag narin ditto. Naging mabilis ang paglaganap ng mga martial rts sa iba't-ibang panig ng mundo. Noong ika-20 siglo maging sa Europe ay mabilis na lumaganp ang martial arts bunga na rin ng paglalakbay ng mga eksperto ditto.

Malaki rin ang nagging bahagi ni Bruce Lee isang aktor na Tsino-Amerikano, ang pelikula niyang ENTER THE DRAGON ay nagpasikat ng hust sa martial arts. Ang mga taong 1972-1975 na kasagsagan ng kasikatan niya.

.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Paghambingin:


A.

| KARATE | KUNG-FU | TAE-KWON-DO |
|---|---|---|
| | | |

B.

| KICKBOXING | SUMO | KENDO |
|---|---|---|
| | | |

.



**Tandaan Mo!**

- Ang mga pangunahing martial arts ay ang Karate, KungFu, at Tae-Kwon-Do.
- Ang iba pang mga nakilalang martial arts ay ang jujutsu, Judo, at Aikido.
- May mga ilang martial arts ang ginagawa na ngayonng isports na rin sa mga kompetisyontulad ng karate,karate-do, tae-kwon-do,judo at kickboxing.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Alin sa mga martial arts ang gusto mong matutunan? ________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

B. Magtala ng ilang Asyano na kinilalasa iba't-ibang larangan ng palakasan.

1. ________________________________________________
   ________________________________________________
2. ________________________________________________
   ________________________________________________
3. ________________________________________________
   ________________________________________________

**ARALIN 2**

**ANG SINING NG TEATRO SA ASYA**



Ang teatro kung saan may nagsisikap na mga artista o puppet sa mga palabas at dul-dulaan ay tanyag na tanyag sa Asya. Kadalasan ito ay pinagsama-samang kwento, sayawan at awitan at ginagamitan ng makukulay na mascara at make-up ng mga artista, magagara at magagarbong props at kasuotan. Karamihan din ditto ay hango sa mg magagandang istorya ng buhay .



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang sining ng teatro sa Asya;
2. Maipapaliwanag kung paano naaimpluwensya ang sining ng teatro sa pamumuhay ng mga asyano; at
3. Matutukoy ang iba't-ibang sumikat na teatro sa mga bansa sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Ikaw ba ay nakapanod na ng dula-dulaan. Subukan sagutin ang mga ito.

**Pamagat:**______________________________________________

**Mga Bida:**______________________________________________

**Lugar na Pinagdausan:**__________________________________

**Buod:**_________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

**Aral:**__________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

**Mga Puna/Suhestiyon:**__________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

**Kahulugan ng Teatro**

Kadalasang hango sa mga paniniwalang pangrelihiyon. Maraming relihiyon ang nakaimpluwensya sa Teatro ng mga Asyano. Ang mga epikong MAHABHARATA AT RAMAYANA na umiinog sa mga diyos na sina KRISHNA at RAMA at sa mga bayaning tulad ni ADJUNA ay naipalabas na sa maraming teatro sa mga bansa sa Timog Silangang Asya. Gayundin ang kwento ng tagasunod ng Budismo na si JATAKA na naipalabas na rin sa iba't-ibang teatro sa Asya.

Nangangailangan ng mahabang panahon ng paghahanda at pagsasanay ng mga artista.

Karaniwang binubuo ng maraming anyo ng sining tulad ng sayaw, awit, acrobatic, at iba pa.

**Ang Teatro s Ilang Piling Bansang Asyano**

**CHINA**

Pangkaraniwan na ang mga awit at sayaw sa teatro ng mga Tsino. Nagsimula ito noon pang ika-3 siglo BC. Sa pamumuno ni XUANZONG naitayo ang PEAR GARDEN isang konserbatoryo kung saan na nagssanay ang mga artista. May 4 na pangunahing panahon ng pagsulong ng tetro s Tsina.

***Yuan Zaju***



Kauna-unhang teatro sa Tsina at nagsimula noong ika-13 siglo

***Kunqu***

Isang eleganteng pgsasadula na nagsimula noong ika-16 na siglo.

***Jing Xi***

Ang pinakatanyag at kilala ng mga  kanluranin bilng Peking opera. Nagsimula nong ika-19 siglo, sumikt ng husto dahil sa makukulay n mascara at make-upng mga artista. Kapuna-puna din ang mhusay n pagssama-sama ng sayaw, wit at acrobtics. Kadalasan gumagamit din ng iba'-iba pang musikang instrumento.

***Huajo***

Drama at nagsimula noong 20 siglo.

**JAPAN**

Ang tradisyunal na teatro ng mga hapones ay ngsimula mga 1300 taon na ng nakalipas . Ilang mga pangunahing halimbawa nito ay ang:

***Nô***



Ang pinakatanyag mula pa noon hanggang sa kasalukuyang panahon. Ito y nakikilala noong ika-14 na siglo sa pangunguna ni **Zeami Motokiyo**, isang actor na nagtatanhal s teatro ng kanyang ama na noon ay itinataguyod ng isang Shogun na si

**Yoshimitsu**. Ang Nô ay binubuo ng apat na sangkap, ang musika, koreograpiya, literature t dramatic effects ng mascara t mga kasuotan.

***Kabuki***



Nagmula sa pagtatanghal na ginawa ni Okuni isang babaeng mananayaw noong 1600. Suot ang panlalking kasuotan siya ay nagtanghal ng isng maemosyong sayaw at sjkit na tinawag na Kabuki. Di na nagtagal ng Kabuki ang tinanghal na pinakapopular na palabas sa Teatro ng mga Hapones.

***Bankuru***

Nagsimula non din 1600 ito ay itinatanghal ng mga puppet na may sukat na 3 feet



**KOREA**

Ang pagtatanghal ng puppet sa Korea ay nagsimula non pang ika-7 siglo.

***Kkoktu Kaksi***

Iisang tradisyunal na pagtatanghal ng puppet sa Korea. Isang tao ang umaawit habang pinapagalaw ng mga puppet.

***Sundae-Guk***

(Pagtatanghal sa kabundukan). Kadalasang itinatanghal sa labas at tumatagal ang katutubong drama na ito ng magdamag.

**INDONESIA**

Ang pinakaunang makabagong dula ay ang BEBASARI (1926) ni RUSTUM EFFENDI na isang talinghagi ng pagtuligsa ng mga Indonesian sa pananakop ng mga Dutch.

***Wtang-Kuut***

Isang halimbawa ng pagtatanghal ng puppet noon pang ika-10 siglo at gumagamit ng mga kwentong hinango sa mga epikong Hindu.

***Balinese Dance-Drama***



Hango sa sinaunang tradisyon mula sa epikong Indian Hindu at gingamitan ng mga awit at sayaw. Ang LEGONG ang pinakapopular na BAUNESE Dance-Drama.

Sa Legong ang mga sarong at mga  bulaklak sa ulo habng sumasayaw sa saliw ng musikang gamelan.

**THAILAND**

***Nang Yai***

Tampok ang pinakamalaking aninong puppet sa buong mundo na yari sa balat at may sukat na 4-5 ft. Ito rin ay pinagagalaw ng mga puppeteers at mananayaw.

***Khon***

Isang nakamaskarang dance drama na itinatnghal at kasama ang *Piphat Orchestra* at mananalaysay mula sa *Ramakien*

***Lakhon-Fai Nai***

sang eleganteng dance-drama na binubuo ng pawang kababaihan at sa saliw ng *Piphat Orchestra* (na gumagamit ng Xylophones, drums, gongs at cymbals).

**CAMBODIA**

Ang Lakhon Kabach Boran dance drama na ipinapalabas ng mga kababaihan at halos katulad ng Lakon Fai Hai. Tumatagal ito ng halos 4 na araw noong unang panahon.

## MYANMAR (BURMA)

### *Nat Pwe*

Isang uri ng Trance Dance at hango sa pagsamba sa mga tinatawag na "spirit wives" na tuloy-tuloy na nagsasayaw hanggang sila ay saniban ng isa sa 37 ispiritu, at sila ay nagsasalita habang sila ay walang malay.

### *Zat Pwe*

Isang klasikong dance drama na hango sa paniniwalang Budismo ung saan may mga prinsipe at prinsesa na umaangat at sumasayaw habang nakikipaglaban sa mga kontra bida tulad ng mga halimaw.

## VIETNAM

### *Hat Boi*

Tinatawag din na HAT TUONG na nagsimula pa noong ika-13 siglo at isang klasikong drama.

### *Mua Roi Nuoc*

Nagsimula noon pang ika-12 siglo at gumagamit din ng puppet na nagtatanghal sa mga dagat-dagatan bilang entablado at pinapaandar ng mga *Mechanical Nods*.

**PHILIPPINES**

***Moro-moro***



Palabas na nagpapakita ng labanan sa pagitan ng mga Kristiyano at Muslim.

***Zarzuela***

Isang palabas na kadalasan ay hango sa kapanahunan ng mga kastila.

**INDIA**

***Kathakali***



Isang dance drama noong ika-17 siglo at hango sa mga mitolohiyang Hindu.

**SRI LANKA**


***Kolani***

isang nakamaskarang dance drama na kadalasang hango sa mga nakatatawang kwento.

**NEPAL**

***Mani Rimdu***

Isinasagwa ng mga Mahayana Buddhist na mga monghe gamit ang makukulay na mascara at magtatanghal sa mga templo at bulwagan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Sa inyong palagay, anu-ano ang maaaring gawin ng pamahalaan upang muling buhayin ang interes ng mga Pilipino sa Teatro?

1. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
2. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
3. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

.



**Tandaan Mo!**

- Ang mga atangian ng isang teatro.
  - kadalasang hango sa mga paniniwalang panrelihiyon.
  - kailangan ng nahabang panahn ng pagsasanay.
  - karaniwang bumubuo ng maraming anyo ng sining tulad ng sayaw, awit, acrobatic at iba pa.
- May iba't-ibang uri ng teatro na sumikat sa Asya na nagpapakita ng mga kultura at tradisyon ng iba't-ibang bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sa kasalukuyan may matutukoy ka bang natatanging teatro na naglalarawan ng pamumuhay ng mga Pilipino? Ilarawan ito.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang mga pangunahing martial arts ay ang Karate, KungFu, at Tae-Kwon-Do.
- Ang iba pang mga nakilalang martial arts ay ang jujutsu, Judo, at Aikido.
- May mga ilang martial arts ang ginagawa na ngayonng isports na rin sa mga kompetisyontulad ng karate,karate-do, tae-kwon-do,judo at kickboxing..
- Ang mga atangian ng isang teatro.
  - kadalasang hango sa mga paniniwalang panrelihiyon.
  - kailangan ng nahabang panahn ng pagsasanay.
  - karaniwang bumubuo ng maraming anyo ng sining tulad ng sayaw, awit, acrobatic at iba pa.
- May iba't-ibang uri ng teatro na sumikat sa Asya na nagpapakita ng mga kultura at tradisyon ng iba't-ibang bansa.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

Panuton: Punan ang tsart.

| | Pinagmulang Bansa | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Kolam | | |
| 2. Zarzuela | | |
| 3. Huaju | | |
| 4. Bankuru | | |
| 5. No | | |
| 6. Wayangkulit | | |
| 7. Khon | | |
| 8. Hat Boi | | |

| | | |
|---|---|---|
| 9. Kathakali | | |
| 10. Mani Ramdu | | |